BAWASAN ANG PANGANIB SA LOOB SA PAMAMAGITAN NG MAAYOS NA BENTILASYON



Ang isa sa mga paraan para makatulong sa **pagtigil sa pagkalat** ng COVID-19 sa mga negosyo, mga paaralan at ibang lugar ay **ayusin ang bentilasyon** sa loob. Ang tamang daloy ng hangin ay makakabawas sa tsansa ng pagkalat ng COVID-19 na dahil sa talsik ng laway.

Suriin ang HVAC System

- Isang paraan para masigurong ang hangin sa loob ay dumadaloy ng tama sa buong gusali ay **suriin ang HVAC system** para malaman kung maayos ito.
- Ang pag-iinspeksyon ay para makakatiyak na ang **sariwang hangin** ay pumapasok galing sa labas.
- Kahit na ang bilang ng tao sa loob ay nasa pinakakunti, ang daloy ng hangin ay kailangang maayos.
- Gamitin ang **pinakamataas na MERV filter** na iminungkahi ng gumawa ng iyong system.

Dagdagan ang Kahaliling Daloy ng Hangin

- Ang pagbubukas ng **mga bintana at pintuan** ay magbibigay ng maayos na daloy ng hangin.
- Tandaang ang anumang **HVAC systems** ay dapat isaalang-alang kung magbubukas ng mga bintana o pintuan. Ito ay maaaring maging dahilan ng pinsala sa iyong system.
- Isaalang-alang ang paggamit ng **portable HEPA filter units** na nalilipat sa isang kwarto mula sa ibang kwarto.

Manatiling Ligtas

Karagdagan sa **indibidwal na gawaing pangkalusugan** gaya ng pagpapabakuna sa COVID-19, pagsusuot ng mask sa matataong lugar, at paghuhugas ng iyong mga kamay ng madalas, pag-iwas sa lugar kung saan hindi maayos ang daloy ng hangin.

Alamin pa sa VDH COVID-19 Mga Mapagkukunan para sa Mga Negosyo
vdh.virginia.gov/coronavirus/schools-workplaces-community-locations/businesses/

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH